



# UPLB Credit and Development Cooperative

Sacay Grand Villas, College, Laguna 4031

**Main Office:** 536-2263, 536-2830, 536-3638 and 501-2059; **Extension Office:** 536-2949 and 536-7668

**Website:** www.uplbcdc.net

**Email:** uplbcdc\_admi@yahoo.com

**Telefax:** (049) 536-2830

Ika-4 ng Enero 2017

Kayo po ay inaanyayahang dumalo sa **Ika-60 na Pangkalahatang Pulong (General Assembly Meeting)** ng UPLB Credit and Development Cooperative na gaganapin sa **ika-4 ng Marso 2017 (SABADO)**, sa **D. L. Umali Hall sa ganap na ika-1:00 n.h. Ang pagpapatala (registration) ay magsisimula ng ika-8:00 n.u. hanggang ika-2:00 n.h.**

HANAY NG GAWAIN (Order of Business):

- I. Pagtawag ng Kaayusan (Call to Order)
- II. Pagdedeklara ng Pagkakaabot ng Takdang Bilang ng mga Kasaping Dumalo (Declaration of Quorum)
- III. Pagtitibay ng Katitikan ng Nakaraang Pulong, ika-27 ng Pebrero 2016 (Reading, Consideration and Approval of the Minutes of the Previous Meeting)
- IV. Mga Paksang Hango sa Katitikan (Matters Arising from the Minutes)
- V. Paglalahad at Talakayan ng Taunang Ulat (Consideration of the Consolidated Report of the Board of Directors, Officers, and the Committees, including Audited Financial Statements)
- VI. Mga Bagong Paksang Pag-uusapan (New business)
  - Paglalahad at Talakayan ng Plano at Gastusin (Consideration of annual operations plans and budget)
  - Pagpili ng Tagasuring Panglabas (Hiring of External Auditor)
  - Halalan ng mga Opisyal (Election of Directors and Committee Members)
- VII. Pagtitindig ng Pulong (Adjournment)

Ang **Halalan** (Election) ay gaganapin sa **ika-10 ng Marso 2017 (Biyernes) sa Maquiling School, Inc., mula ika-7:00 n.u. hanggang ika-3:00 n.h.**

Ang Pangkalahatang Pulong ay ang pinakamataas na pagpupulong sa ating Kooperatiba kung saan ginagawa ang mahahalagang desisyon. Nakatakda sa Saligang Batas ng ating Kooperatiba na ang pagdalo sa pagpupulong na katulad nito ay isa sa mga tungkulin ng bawat kasapi at ang patuloy na hindi pagtupad sa mga tungkulin at responsibilidad ay maaring dahilan upang itiwalag ang isang kasapi.

Ipinaaabot din namin na ang isang kasaping SUSPENDIDO (Member Not Entitled to Vote) ay maaring dumalo, subalit, hindi pinahihintulatang magpatala at makilahok sa talakayan at hindi rin maaring bumoto. Mangyari po na pumunta o makipag-ugnayan sa alin mang sangay ng ating tanggapan bago ang nakatakdang pagpupulong upang alamin ang inyong katatayuan bilang kasapi (status of membership). Hindi rin po pinahihintulutan ng ating Saligang Batas ang pagpapadala ng kahalig o "PROXY" sa anumang pagpupulong ng Kooperatiba. Kung hindi kayo makakarating, mangyaring magpadala kayo ng liham tungkol sa inyong hindi pagdalo.

Sa ikaaayos at ikabibilis ng ating pagpapatala, hinihiling po na ipakita ang anumang "Valid ID" sa tagapamahala ng "BOOTH" kung saan po kayo nakatalaga at tanggapan ng inyong cash slip.

**Paalala:** (1) Maaari nang makuha ang sipi ng taunang ulat sa tanggapan ng UPLBCDC simula sa ika-20 ng Pebrero, 2017.

(2) Mangyaring dalhin ang inyong sipi sa pulong.

  
**MA. CONCEPCION A. GAFFUD**  
Kalihim

*"Touching Lives, Building Communities"*